

### 3 PAHINTULOT PARA SA PANINIRAHAN

Sa patakaran, mayroong pahintulot para sa paninirahan na ibinibigay ayon sa pahintulot ng paglapag, pahintulot na kumuha ng pahintulot para sa paninirahan at iba pa, ang mga dayuhang naninirahan sa Japan.

Mabubukod sa 6 grupo, 38 uri ang pahintulot para sa paninirahan; mayroong pagtatrabaho ang layunin at hindi ganito, o walang limitasyon sa gawain ng pagtatrabaho tulad ng permanenteng residente at iba pa.

#### (1) Palakad

Mangyaring makipagkonsulta sa Hiroshima Regional Immigration Services Bureau o branch office tungkol sa mga sumusunod na palakad at iba pa.

A	Pahintulot ng pagpalit ng pahintulot para sa paninirahan, Kung nais manirahan nang napalitan ang kasalukuyang layunin ng paninirahan
B	Pahintulot ng pagpapanibago (renewal) ng pahintulot para sa paninirahan Kung nais manirahan nang lampas sa pinahintulutang panahon ng paninirahan
C	Pahintulot para sa gawain bukod sa pahintulot Kung nais magsagawa ng gawain ng pagtatrabaho ( <i>arubaito</i> ) na bukod sa pinahintulutang gawain.
D	Pahintulot sa permanenteng paninirahan Kung nais manirahan nang permanente sa Japan
E	Pahintulot ng pagkuha ng pahintulot para sa paninirahan Kung naninirahan bilang dayuhan sa Japan dahil sa pagkapanganak, pagtiwalag sa nasyonalidad ng Hapones, o iba pa
F	Pahintulot para sa muling pagpasok sa bansa Kung pansamantalang maglalakbay sa ibang bansa, at nais pumasok muli sa Japan sa parehong layunin Ukol sa “Pagtuturing ng pahintulot para sa muling pagpasok sa bansa”: Kung muling papasok sa bansa sa loob ng 1 taon pagkatapos lumabas sa bansa, sa patakaran, hindi kailangang kumuha ng pahintulot para sa muling pagpasok sa bansa. Kung sasapit ang hangganan ng paninirahan nang walang 1 taon pagkatapos lumabas sa bansa, bumalik muli sa bansa nang hindi lalampas sa hangganan ng paninirahan.
G	Pagpapanibago (renewal) ng panahon ng bisà ng residence card Kung babaguhin (ire-renew) ang panahon ng bisà ng residence card Kailangang baguhin (i-renew) ng mga taong mas maaga ang hangganan ng bisà ng residence card kaysa sa hangganan ng paninirahan (mayroon kapag walang 16 taong gulang), “Permanent Resident” at “Highly Skilled Professional 2” ang panahon ng bisà ng residence card.
H	Muling pagkakaloob ng residence card dahil sa pagkawala o iba pa Kung nawala ang residence card dahil hindi mahanap, nanakaw o iba pa Mangyaring isagawa ang palakad matapos iulat ang pagkawala sa pulis.

(2) Bukod-tanging Pagtatakda sa Batas hinggil sa Imigrasyon  
(Bukod-tanging batas kaugnay sa imigrasyon para sa taong tumiwalag sa nasyonalidad ng Hapones batay sa kasunduan ng kapayapaan sa bansang Hapon)

① Bukod-tanging permanenteng residente

◆ Taong sakop

Mga taong taga-Korean peninsula o Taiwan na patuloy na naninirahan sa Japan at mga ipinanganak at patuloy na naninirahan sa Japan mula Setyembre 2, 1945 o bago pa nito, at mga anak at apo nito (kasama ang anak na isisilang mula ngayon)

◆ Palakad ng pag-apply

Mangyaring isagawa ang pag-apply para sa bukod-tanging permanenteng paninirahan sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan ng lugar ng tirahan sa loob ng 60 araw ng anak/apo ng taong tumiwalag sa nasyonalidad batay sa kasunduan ng kapayapaan at maninirahan sa Japan dahil sa pagkapanganak o iba pang kadahilanan

② Pahintulot para sa muling pagpasok sa bansa

Para sa mga bukod-tanging permanenteng residente, sa loob ng 6 taon ang panahon ng bisà ng muling pagpasok. Kung magkaroon ng bukod-tanging kalagayan sa ibang bansa, maaaring pahintulutan na pahabain ito sa loob lamang ng 1 taon kung humiling na pahabain ang panahon ng muling pagpasok sa embahada o konsulado ng Japan sa ibang bansa.

2 taon ang panahon ng bisà ng pagtuturing ng pahintulot para sa muling pagpasok sa bansa. Hindi maaaring pahabain ang panahon ng bisà nito sa ibang bansa.

Mangyaring magtanong sa Hiroshima Regional Immigration Services Bureau o branch office, o sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan ng lugar ng tirahan para sa mga detalye tungkol sa bukod-tanging pagtatakda sa batas hinggil sa imigrasyon.

③ Pagpapanibago ng panahon ng bisà, Muling pagkakaloob dahil sa pagkawala o iba pa ng Special permanent resident certificate

Isinasagawa ang palakad sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan ng lugar ng tirahan.

Para sa mga katanungan

Hiroshima Regional Immigration Services Bureau o  
branch office

Tanggapan ng lungsod, ward o bayan

(3) Pag-uulat ng Taong Naninirahan nang Matagal-tagal o Matagal na panahon

Sa mga may pahintulot para sa paninirahan na magtatrabaho tulad ng “Engineer/Specialist in Humanities/International Services,” “Skilled Labor” at iba pa, kapag may bagong kontrata ng pagtatrabaho, o natapos ang kontrata, mangyaring isagawa ang pag-uulat sa Director-General ng Immigration Services Agency of Japan.

Sa mga may pahintulot para sa paninirahan na nakatalaga sa institusyon tulad ng “Student,” “Technical Intern Training” o iba pa, kapag tumiwalag sa nakatalagang institusyon o lumipat sa iba, mangyaring isagawa ang pag-uulat sa Director-General ng Immigration Services Agency of Japan.

Mangyaring isagawa rin ang pag-uulat kung nagbago ang pangalan at kinaroroonan ng institusyong nagkontrata sa pagtatrabaho o nakatalagang institusyon.

Sa ilalim ng mga nabigyan ng status of residence na “Spouse or Child of Japanese National, at iba pa”, kailangang magbigay ng abiso o notipikasyon sa Director-General ng Immigration

Services of Japan ang may hawak na spouse status sa kaso ng pag-diborsiyo o pagkamatay ng asawa.

(4) Konsultasyon kaugnay sa Pahintulot para sa Paninirahan

Pangalan	Kinaroroonan / Numero ng Telepono	Sakop na Oras atbp.
Hiroshima Regional Immigration Services Bureau Business, Employment, and Permanent Residence Inspection Department Student and Trainee Inspection Department	2-31 Kami-hatchōbori, Naka-ku, Hiroshima-shi ☎ 082-221-4412 ☎ 082-221-4468	Lunes – Biyernes (liban sa Pista opisyal) 9:00 – 16:00
Hiroshima Regional Immigration Services Bureau Fukuyama Branch Office	8F Estparc 1-21 Higashisakura-machi, Fukuyama-shi ☎ 084-973-8090	Lunes – Biyernes (liban sa Pista opisyal) 9:00 – 12:00 13:00 – 16:00